DSWD
Department of Social Welfare and Development

Pantawid Pamilyang Pilipino Program

DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT

# Pantawid Pamilyang Pilipino Program

Noong Abril 17, 2019, isinabatas ang RA11310 na mas kilala bilang **An Act Institutionalizing the Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) o 4Ps Act**. Sa pagsasabatas nito, ang 4Ps na programa sa ilalim ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) ay magiging permanenteng pambansang istratehiya ng gobyerno upang puksain ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong-pinansyal sa mga mahihirap na pamilyang Pilipino upang mapabuti ang kanilang kalusugan, nutrisyon, at edukasyon.

## Sinu-sino ang maaaring maging benepisyaryo ng 4Ps?



Ang mga benepiysaryo ng programa ay pinipili base sa isang *standardized targeting system*. Ang mga maaaring maging benepisyaryo nito ay mga mahihirap na pamilyang Pilipino na siyang makakasunod sa mga kondisyon ng programa. Awtomatikong kasama na sa targeting system na ito ang mga magsasaka, mangingisda, walang tirahan, katutubo, informal settlers, at mga pamilyang nasa malalayong lugar o geographically isolated and disadvantaged areas.

Narito ang mga batayan ng isang pamilya na maaaring makasama sa programa:



- Mayroong 0-18 taong gulang na miyembro ng pamilya



- Mayroong miyembro na nagbubuntis sa panahon ng rehistrasyon

Ang isang kwalipikadong pamilya ay **maaari lamang maging benepisyaryo ng programa sa loob ng pitong taon.**

## Anu-ano ang mga benepisyo na maaaring makuha mula sa programa?

Sa ilalim ng 4Ps Act, ang mga benepisyaryo nito ay makakatanggap ng mga sumusunod:



- **Tulong-pinansyal para sa edukasyon**
  *(hanggang tatlong bata lamang sa isang pamilya ang maaaring i-monitor ng programa)*



| day-care at elementarya | highschool | senior highschool |
|---|---|---|
| **P300.00** kada buwan sa loob ng 10 buwan na may pasok | **P500.00** kada buwan sa loob ng 10 buwan na may pasok | **P700.00** kada buwan sa loob ng 10 buwan na may pasok |

- **Tulong-pinansyal para sa kalusugan**
  *(ang halaga nito ay nakatalaga kada isang pamilya at hindi nakadepende sa bilang ng mga miyembro nito)*

**P750.00** kada buwan

- Awtomatikong **insurance coverage mula sa National Health Insurance Program o PhilHealth.**
- **Prayoridad** sa pagtanggap ng serbisyo mula sa **Sustainable Livelihood Program (SLP) ng DSWD**, sa pagbibigay ng kapasidad sa pagnenegosyo at pagtatrabaho, at sa serbisyo **at programa ng ibang pang mga ahensya ng gobyerno o mga katuwang ng organisasyon**

MAAGAP at MAPAGKALINGANG SERBISYO!

@DSWDPantawidPamilya

pantawid.dswd.gov.ph

DSWD
Department of Social Welfare and Development

Pantawid Pamilyang Pilipino Program

DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT
# Pantawid Pamilyang Pilipino Program

## Bukod sa mga nabanggit, ang mga benepisyaryo ay maaaring mabigyan din ng iba pang benepisyo base sa mga panukala o kautusan:




| | |
|---|---|
| **Rice Subsidy** | **P600.00** kada buwan na siyang direktiba ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong 2017 |
| **UCT** | **P300.00** kada buwan na ipapamahagi ng isang beses na nagkakahalagang P3,600.00 sa kabuuan, para sa isang buong taon, alinsunod sa implementasyon ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) law hanggang taong 2020 |

## Anu-ano ang mga kondisyon ng programa na kailangang sundin ng mga benepisyaryo nito?

Upang makatanggap ng tulong-pinansyal, ang mga benepisyaryo ng programa ay kailangang sumunod sa mga kondisyon nito na siyang nakalaan sa *"Oath of Commitment"* na kanilang pinirmahan. Ang mga kondisyon na kinakailangan nilang sundin ay ang mga sumusunod:



- Ang mga **batang nasa 3 hanggang 18 taong gulang** ay kinakailangang **pumasok sa eskwela** at dumadalo sa klase nang hindi bababa sa 85% ng kabuuang bilang ng klase



- Ang mga **nagbubuntis ay dapat magpapakonsulta sa mga health centers** sa panahon ng pagbubuntis at kapanganakan at **magpapaanak sa mga lisensyadong propesyunal lamang**



- Ang mga **batang nasa 0-5 taong gulang** kinakailangang **magpakonsulta at magpabakuna**



- Ang mga **batang nasa 1-14 taong gulang** ay kinakailangang **uminom ng pampapurga** dalawang beses sa isang taon




- Ang isa sa responsableng miyembro ng pamilya ay kailangang **dumalo sa Family Development Session (FDS) kada buwan**

## Ano ang maaaring mangyayari sa isang benepisyaryo na hindi makakasunod sa mga kondisyon ng programa?

Nakasaad sa batas na ang benepisyaryo na **hindi makakasunod sa alinman sa mga kondisyon ng programa ay makakatanggap ng sulat para sa unang abiso at ang kanilang tulong-pinansyal ay masususpindi.** Kung ang benepisyaryo ay hindi pa rin nakasunod sa kondisyon **matapos ang sumunod na apat na buwan, sila ay isasailalim sa isang *intensive case management* na siyang pangungunahan ng DSWD**. Kung hindi pa rin sumunod ang benepisyaryo **sa loob ng isang buong taon simula nang sila ay mabigyan ng unang abiso, ang benepisyaryo ay maaring nang matanggal sa programa.**

MAAGAP at MAPAGKALINGANG SERBISYO!

@DSWDPantawidPamilya

pantawid.dswd.gov.ph